

Patient Financial Assistance Policy, Plain Language Summary - Tagalog

Ibinigay sa iyo ang Plain Language Summary upang tumulong na maipaliwanag ang Patakarán sa Tulong na Pampinansyal ng Cottage Health. Binubuod nito ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at nagbibigay ito ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang makakuha ka ng karagdagang impormasyon kaugnay ng Patakarán o pag-apply para sa tulong na pampinansyal.

Iniaalok na Tulong na Pampinansyal

Misyon ng Cottage Health na magbigay ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan at mapabuti ang kalusugan ng aming mga komunidad sa pamamagitan ng paninindigan sa aming mga pangunahing prinsipyo ng kahusayan, integridad, at pagkahabag. Bilang bahagi ng misyong ito, nag-aalok ang Cottage Health ng Programa ng Tulong na Pampinansyal para sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan.

Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado at Iniaalok na Tulong

Nag-aalok ng tulong na pampinansyal sa mga kwalipikadong pasyenteng walang insurance at hindi sapat ang insurance. Nakabatay sa maraming salik ang pagiging kwalipikado para sa tulong na pampinansyal: saklaw ng insurance o iba pang mapagkukunan ng pambayad (kabilang ang mga claim sa personal na pinsala sa katawan), kita ng pamilya bilang porsyento ng mga alituntunin ng Pederal na Antas ng Kahirapan, laki ng pamilya, at mga asset. Kwalipikado ang mga pasyente na sagutin ng Programa ang buong halaga ng kanilang bill sa pagpapagamot kung hindi lumalampas sa 350 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan ang kita ng pamilya nila (para lang sa halagang sila mismo ang dapat magbayad). Maaaring maging kwalipikado para sa diskwento ang mga pasyenteng may kita ng pamilya na mas malaki sa 350 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

Kailangang ganap at maagap na sumunod ang mga pasyente sa proseso ng pag-apply, kabilang ang pagsusumite ng mga tax return, bank statement, at pay stub, pati ang pagkumpleto ng proseso ng pag-apply para sa lahat ng available na pagmumulan ng pagsaklaw at tulong.

Ang pasyente o sinumang iba pang nauugnay sa pangangalaga ng pasyente, kabilang ang kapamilya o provider, ay maaaring maghayag kailanman sa panahon ng pangangalaga sa pasyente na mayroon siyang alalahanin hinggil sa pananalapi. Pagkatapos, hihikayatin ang pasyente o responsableng partido na kumumpleto ng aplikasyon para sa tulong na pampinansyal.

Limitado ang tulong na pampinansyal sa medikal na pangangalagang ibinibigay sa mga pasilidad ng Cottage Health. Hindi sinasaklaw sa ilalim ng Patakarán sa Tulong na Pampinansyal ang mga gastusin gaya ng sa pagbiyahe, pagkain, tinutuluyan, matibay na medikal na kagamitan, at mga reseta. Papanatilihin ng Cottage Health ang dignidad at pagiging kumpidensyal ng bawat pasyente, at ituturing bilang pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan ang anumang impormasyong isusumite para sa pagsasaalang-alang sa tulong na pampinansyal sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (Batas sa Posibilidad ng Paglipat at Pananagutan sa Insurance sa Kalusugan, HIPAA).

Kapag nag-apply o may nakabinbing aplikasyon ang isang pasyente para sa programa ng pagsaklaw sa kalusugan kasabay ng pag-apply niya para sa tulong na pampinansyal o programa ng diskwento sa bayad, hindi awtomatikong kasama sa isang aplikasyon ang pagiging kwalipikado sa isa pa.

Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil, AGB)

Ang isang pasyenteng kwalipikado para sa tulong na pampinansyal ay hindi sisingilin nang mas malaki para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan kumpara sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may nasasaklawan ng insurance para sa gayong pangangalaga.

Para sa Mga Pagsasalin sa Spanish, Tagalog, at Chinese

Makakuha ng mga pagsasalin ng Patakarán sa Tulong na Pampinansyal, Aplikasyon para sa Patakarán sa Tulong na Pampinansyal, at ng Plain Language Summary na ito sa [CottageHealth.org/FAP](https://www.cottagehealth.org/FAP).

Saan Makukuha ang Aplikasyon, Patakarán, at Tulong sa Pagkumpleto ng Aplikasyon para sa Tulong na Pampinansyal

Upang humingi ng libreng kopya ng Aplikasyon at Patakarán sa Tulong na Pampinansyal ng Cottage Health, tumawag, mag-email, magpadala ng sulat, o bumisita sa amin:

- Online: [CottageHealth.org/FAP](https://www.cottagehealth.org/FAP) para sa pag-download at pag-print
- Telepono: Business Office ng Cottage Health, (805) 695-2518 Mga oras para sa pagtawag: (8am–6pm, Lunes–Biyernes)
- Email: CottageBilling@sbch.org
- Magpadala ng sulat sa: Cottage Health, Attention: Financial Assistance Program, PO Box 689, Santa Barbara, CA 93102
- Bumisita sa: Alinman sa Mga Emergency Department ng Cottage Health, o sa Business Office:
 - » Santa Barbara Cottage Hospital | 400 W. Pueblo Street, Santa Barbara, CA 93105 | (805) 682-7111 extension 53692
 - » Goleta Valley Cottage Hospital | 351 S. Patterson Avenue, Santa Barbara, CA 93111 | (805) 967-3411 extension 66484
 - » Santa Ynez Valley Cottage Hospital | 2050 Viborg Road, Solvang, CA 93463 | (805) 688-6431 extension 74800
 - » Business Office ng Cottage Health | 6550 Hollister Avenue, Goleta, CA, 93117 | Mga oras ng opisina: 8am–4pm, Lunes–Biyernes
Available ang Business Office ng Cottage Health upang tumulong sa pagkumpleto ng Mga Aplikasyon para sa Tulong na Pampinansyal nang Lunes hanggang Biyernes mula 8am – 4pm. Maaari ka ring tumawag sa 805-879-8963 upang mag-iskedyul ng appointment.